Kuwento

Ang Hapunan ng Pamilya

Na-shoot ni Danny ang bola ng basketbol sa net.

Bumilang ang orasan at tumunog ang buzzer. Tapos na ang laro.

“Halos pantay ang laban,” sabi ni Danny. “Baka sa susunod panalo tayo.”

“Nagugutom na ako,” sabi ni Omar. “Pumunta tayo sa amin at mag-order ng pizza.”

Sumakay sina Danny at Omar ng bus papunta sa apartment ni Omar.

Nag-order sila ng malaking pizza na may anim na sahog: pepperoni, mga kabute, mga berdeng paminta, sibuyas, mga itim na oliba at dagdag na keso.

At kinain nila ang buong pizza.

Sabado. Walang pasok sa eskuwela. Tumunog ang bell.

“Danilo!” tumawag ang ama ni Danny.

Palaging ginagamit ng pamilya ni Danny ang kanyang pangalan sa Filipino.

Gusto niyang tawagin siya-ng Danny, lalo na sa harap nang kanyang mga kaibigan.

Nasa pintuan si Omar. “Gusto mo bang mag-shoot ng basketbol?”

“Sigurado,” sabi ni Danny at kinuha niya ang kanyang dyaket.

Pinigilan si Danny ng kanyang ama. “Nandito ang Lola at Lolo para maghapunan kasama ng pamilya, Danilo”.

Humarap ang ama ni Danny kay Omar.

“Ang Lola ay grandma sa Tagalog, at ang Lolo ay grandpa. Gusto mo bang sumali sa amin?”

“Ayos!” sabi ni Omar. “Nagugutom na ako.” “Palagi ka namang nagugutom,” sa isip ni Danny. Bakit hiniling ng kanyang ama na manatili si Omar?

Ang mga pagkaing Filipino ay mayroong mga sangkap tulad ng langka, kamoteng kahoy at niyog.

Ano ang iisipin ni Omar? Hindi sila kakain ng malaking pizza na may anim na sahog.

Siguro makumbinsi niya ang ama ni Danny na mag-order ng pizza.

Pero ang sarap ng amoy ng hapunan. Si Lola ang gumagawa ng pinakamasarap na keyk na kamoteng kahoy at puto rin.

Naglaro ng sipa ang mga lalaki kasama ang ama at Lolo ni Danny hanggang handa na ang hapunan.

“Katulad na katulad ito ng hacky sack,” sabi ni Omar, habang sinisipa ang maliit na bola gamit ang kanyang mga binti.

Sa hapunan, humingi pa si Omar ng pangalawang silbi ng pagkain. “Sarap!” sabi ni Lolo.

“Ang Sarap ay ang salitang Tagalog para sa delicious,” ipinaliwanag ng ama ni Danny.

“Sarap!” Ang sabi ni Omar, habang kumukuha ng isa pang piraso ng keyk na kamoteng kahoy. At kumuha rin si Danny.

Lunes nang gabi sa laro ng kampeonato... Malapit nang matapos ang laro ng basketbol. “Danilo!” sigaw ni Omar.

Sinalo ni Danny ang pasa ni Omar. Nag-shoot siya at nag-iskor. Dalawang puntos!

Tumunog ang buzzer at natapos ang laro. Panalo sila!

Nagtatalon at nagsisigawan nang malakas ang team.

Nag-apir si Danny kay Omar at sinabi, “Tara mag-salu-salo tayo at kumain ng pizza!”

Tumawa si Omar at nagsabi, “Mas gugustuhin kong kumain ng keyk na kamoteng kahoy sa bahay ninyo... mas masarap pa sa pizza!”

Glossary *(Mga Depinisyon ng Mga Salita sa Kuwento)*

Buzzer: Isang kagamitan na gumagawa ng tunog na pag-buzz. Madalas itong gamitin sa mga larong isport upang ipaalam sa iyo kapag nakapuntos ang team, o kapag magsisimula o matatapos na ang laro.

Cassava: Isang uri ng maliit na tropiko na puno. Maaari mong kainin ang mga ugat nito.

Langka: Isang malaki at matamis na tropiko na prutas.

Mga toppings: Pagkain na inilalagay mo sa ibabaw ng isa pang uri ng pagkain para magdagdag ng lasa.

Shoot Hoops: Maglaro ng basketbol.

Sipa: Isang kinaugaliang isport sa Pilipinas. Sinusubukan ng dalawang team na sipain ang isang malambot na bola sa kabila ng net, pero maaari mo lang hipuin ang bola gamit ang iyong paa o binti sa ibaba ng tuhod.

Mga Elemento ng isang Kuwento

Mga Elemento ng Kuwento: Ang mga bahagi ng kuwento na pinagsama-sama para makumpleto ito. Kasama sa mga elemento ng kuwento ang tauhan, lugar na pinangyarihan, at pangyayari.

Tauhan: Ang mga tao o mga hayop sa kuwento.

Pinagtutunggalian: Ang problema sa kuwento na kailangang tugunan o ayusin.

Pangyayari: Kung ano ang nangyayari sa kuwento.

Lugar na pinangyarihan: Saan at kung kailan nangyari ang kuwento.

Tema: Pangunahing ideya ng isang kuwento.